Danalangin ng mga. Kristiyano, sa Maghapon LITURGY OF THE HOURS

Panalangin sa Takipsilim

Ika-1 ng Pebrero, 2022 { Ika-4 Martes sa Karaniwang Panahon }



Panalangin sa Takipsilim

Tumayo at gawin ang tanda ng krus

- O Diyos, halina at ako'y tulungan.
 - O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
 Amen.

AWIT

Maghapo'y natatapos, di gawaing maglingkod, Pag-asa'y manatili pumapawi ng takot. Mapagmahal na Ama, puso nami'y kaloob, Kami po ay bantayan, kahit sa 'ming pagtulog.

Dilim ma'y naririto, ngunit mayroong tanglaw, Kasama ka't kapiling, bigay mo'y bagong aral, Kaisa sa pag-ibig, atas ay ilalahad, Kaisa sa pag-asa, biyaya'y matatanggap.

Mata ma'y ipipikit, ngunit ikaw ay gising, Tingnan kami't bantayan, kami ay tangkilikin, Ika'y D'yos ng pag-ibig, takot ay papawiin, Pangamba'y nawawala, kung ikaw ay kapiling.

Umupo o tumayo

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1

Kapag ikaw ay kinalimutan, Jerusalem, ako nawa'y parusahan.

Salmo 137:1-6

(Sa mga ilog ng Babilonia)

Sa pampang ng mga ilog nitong bansang Babilonia, Kami roo'y nakaupong tumatangis, Sa tuwinang Ang iniwan naming Sion ay aming maalaala. Sa sanga ng mga kahoy, sa tabi ng ilog nila, Isinabit namin doon, yaong dala naming lira. Sa amin ay iniutos ng sa amin ay lumupig, Na aliwin namin sila, ng matamis naming tinig, Tungkol sa Sion, yaong paksa, niyong nais nilang awit.

Pa'no namin aawitin, ang awit ng PANGINOON, Samantalang bihag kaming nangingibang-bayan noon? Ayaw ko nang ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin, Kung ang bunga sa pagtugtog, limutin ang Jerusalem;

Di na ako aawit pa, kung ang lundong sasapitin Sa isip ko't alaala, ikaw'y ganap na limutin, Kung ang kaligayahan mo ay hindi ko hahangarin.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Kapag ikaw ay kinalimutan, Jerusalem, ako nawa'y parusahan.

Antipona 2

Sa harap ng mga anghel, pupurihin kita, aking Diyos.

Salmo 138

(Pasasalamat)

Ako, PANGINOON, buong pusong aawit ng pasalamat, Sa harap ng ibang diyos, pupurihin kitang ganap. Sa harap ng iyong templo ay yuyuko at gagalang, Pupurihin kita roon, pupurihin ang 'yong ngalan;

Dahilan sa pag-ibig mo at sa iyong katapatan, Ikaw'y tunay na dakila, pati iyong kautusan. Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo, Sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako.

Dahilan sa pangako mong narinig ng mga hari, Pupurihin ka ng lahat at ikaw'y ipagbubunyi; Ang lahat ng ginawa mo ay kanilang aawitin, At ang kadakilaan mo ay kanilang sasambitin.

Kung ang Diyos mang PANGINOON ay dakila at mataas, Hindi niya nililimot ang aba at mahihirap; Kumubli ma'y kita niya yaong hambog at pasikat. Kahit ako'y nababatbat ng maraming suliranin, Ako'y walang agam-agam, panatag sa iyong piling.

Nahahandang harapin mo mapupusok kong kaaway, Ligtas ako sa piling mo, sa lakas na iyong taglay. Yaong mga pangako mo ay handa mong tupding lahat, Ang dahilan nito, PANGINOON, pag-ibig mo'y di kukupas, At ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Sa harap ng mga anghel, pupurihin kita, aking Diyos.

Antipona 3

Karapatang nakalaan sa Korderong pinatay ang pagsamba at karangalan.

Awit: Pahayag 4:11; 5:9, 10, 12
(Himig ng Pagliligtas)

Aming PANGINOON at Diyos! Karapat-dapat kang tumanggap ng papuri, Paggalang, at kapangyarihan;

Pagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay, At ayon sa iyong kagustuhan, Sila'y nilalang mo at pinananatili.

Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakalulon At sumira sa mga tatak niyon.

Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan Ay tinubos mo para sa Diyos ang mga tao, Mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa.

Ginawa mo silang isang liping maharlika At mga saserdote para maglingkod sa ating Diyos; At sila'y maghahari sa lupa.

Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat Na tumanggap ng kapangyarihan, Kayamanan, karunungan, at kalakasan, Papuri, paggalang at pagdakila!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Karapatang nakalaan sa Korderong pinatay ang pagsamba at karangalan.

Umupo

Pagbasa ng Salita ng Diyos

Colosas 3:15-17

At paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Kristo, sapagkat ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng isang katawan. Magpasalamat kayong lagi. Ang mga salita ni Kristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos. At anuman ang gagawin ninyo, maging sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng PANGINOONG Hesus, at sa pamamagitan niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

TUGUNAN

Malalaman ko ang ganap na kagalakan, Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

— Malalaman ko ang ganap na kagalakan, Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

Sa iyong piling ay ganap at walang hanggan ang kapayapaan,

— Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Malalaman ko ang ganap na kagalakan, Panginoon, kung ang mukha mo'y aking masilayan.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona

Gumawa ka sa amin, Panginoon, ng mga dakilang bagay sapagkat ikaw ay makapangyarihan, at Banal ang iyong pangalan.

Lukas 1:46-56

Gumawa tanda ng krus

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.

Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi, Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan — Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, Sa lahat ng sali't saling lahi. Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig, Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono, At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom, At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael, Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang, Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

Antipona

Gumawa ka sa amin, Panginoon, ng mga dakilang bagay sapagkat ikaw ay makapangyarihan, at Banal ang iyong pangalan.

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Purihin natin si Kristo na nagkakaloob ng kapangyarihan at lakas sa kanyang bayan, at hilingin sa kanya nang buong katapatan:

 Dinggin kami, O Panginoon, at pupurihin ka magpakailanman.

Kristo, aming lakas, itinalaga mo sa iyong katotohanan, ang mga alagad, buong awa mong igawad sa kanila ang matiyagang pananampalataya.

 — Dinggin kami, O Panginoon, at pupurihin ka magpakailanman.

Pinagkalooban mo ng tinapay ang nagugutom na madla. turuan mo kaming ibahagi ang aming kakayahan sa nangangailangan ng kalinga.

 — Dinggin kami, O Panginoon, at pupurihin ka magpakailanman.

Huwag hayaang magtuon lamang ang mga namumuno sa daigdig ng kanilang pansin sa pangangailangan ng kani-kanilang bansa, kundi, higit sa lahat, bigyan ng paggalang at malasakit ang lahat ng mga tao sa lupa.

 — Dinggin kami, O Panginoon, at pupurihin ka magpakailanman.

Gawaran ng banal na buhay at muling pagkabuhay ang mga kapatid naming yumao,

at makabahagi nawa ang lahat ng nanalig sa iyo ng kaluwalhatian mo.

 Dinggin kami, 0 Panginoon, at pupurihin ka magpakailanman.

Ama Namin

Ama namin, sumasalangit Ka Sambahin ang ngalan Mo Mapasaamin ang kaharian Mo Sundin ang loob Mo Dito sa lupa, para nang sa langit. Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw. At patawarin Mo kami sa aming mga sala, Para nang pagpapatawad namin Sa mga nagkakasala sa amin. At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso, At iadya Mo kami sa lahat ng masama. Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan, At ang kadakilaan, magpakailanman.

Pangwakas na Panalangin

Ama,

makarating nawa sa iyo ang aming pantakipsilim na dasal at tulutang patuloy na manahan sa aming mga puso't kalooban ang pananampalatayang ipinahahayag ng aming mga labi.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

Paghayo

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila



mobile prayers



United States, Canada, India, Philippines www.ebreviary.com